VOLUME 4 ISSUE 2 | JULY TO DECEMBER 2021 | ISSN 2719-0293

# ATING KAUGNAY

THE OFFICIAL PUBLICATION OF AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE - REGIONAL TRAINING CENTER 5




## Pagsasakang Higit Isang Milyon
# EDGAR PESEBRE

ATI Bicol

PAGE 1 | DA-ATI Bicol at CBSUA, Isinagawa ang DAC for RCEF

PAGE 3 | DA-ATI Bicol Launches Binhi ng Pag-asa in Camarines Sur and Albay

PAGE 16 | 5,000 Nakapagtapos sa SOA-SRA sa Bicol, Naitala

# INSIDE

## NEWS


DA-ATI Bicol at CBSUA, Isinagawa ang DAC for RCEF 1

DA-ATI Bicol, CBSUA Unveil Vetiver Grass Potentials 2

DA-ATI Bicol Launches Binhi ng Pag-Asa in Albay, CamSur 3

Selebrasyon ng NRAM at OAM, Sinimulan 4

Selebrasyon ng NRAM at OAM, Matagumpay na Nagtapos 5

ATIng Alamin: Rice-Based By Products

Third Wave of RCEF Extension Gains Momentum 6

ATI Bicol, Nakiisa sa Kampanyan Kontra VAW

DA-ATI Bicol Holds Results-Based Monitoring and Evaluation Training 7

'Binhi ng Pag-asa' Sumibol ng 60 Kabataan sa Albay, Camarines Sur 8

Pagsasanay sa FBS ng ATI Bicol, May CPD Na! 9

2 Guinobatan Farms Get LSA Certifications


## FEATURE


Pagsasakang Higit Isang Milyon: Salaysay ni EDGAR PESEBRE 10

13 DA-ATI Bicol Youth Program Fosters New Leaders

14 BAFEN Consultative Forum Highlights PAFES, Mandanas Ruling, Turmeric Technology

15 Agripreneurship Module: Farming Made Profitable

Rice-Duck Farming Starter Kits, Ibinahagi ng ATI


16 5,000 Nakapagtapos ng SOA-SRA sa Rehiyon Bicol, Naitala

Mga Asosasyon nga Magsasaka sa Ligao, Albay, Nabiyayaan ng Suporta

17 DA-ATI Bicol, Sonrisa Farm Lumagda ng MOA Para Sa Extension Grant

18 Binhi ng Pag-asa sa Bicol, Wagi sa National Summit

19 Mga Learning Sites sa Bicol, 110 na!


## About the Cover

This edition features Mr. Edgar Pesebre, the owner of Palayamanayon ni Edgar, an ATI Learning Site for Agriculture, and the first-ever accredited farm school by TESDA in Albay.



# DA-ATI Bicol at CBSUA, Isinagawa ang DAC for RCEF




**PILI, Camarines Sur** – Tatlumpo't walong (38) kalahok mula sa iba't ibang Rice Competitiveness Enhancement Fund - Learning Sites for Agriculture (RCEF-LSAs) ang nagtapos ng pagsasanay sa Digital Agriculture Course (DAC). Naganap ito sa pakikipag-tulungan ng Cental Bicol State University of Agriculture (CBSUA).

Ang nasabing pagsasanay ay may dalawang batch. Isinagawa ang unang batch noong ika-26 hanggang ika-28 ng Oktubre habang ang ikalawang batch ay isinagawa noong ika-9 hang-gang ika-11 ng Nobyembre ng kasalukuyang taon. Sampong (10) pirasong smartphones mula sa ATI ang ginamit ng mga kalahok na naglalaman ng iba't ibang Agricultural at Marketing Apps.

Nagsilbing Resource Person si Karlos Miguel Haber, IT expert ng CBSUA, tungkol sa paggamit ng internet. Sina Marjhan Ram-boyong, Michael Villezar, Isagani Valenzuela, Jr., Jobenel Dela Torre, Rafaela Bajaro at Joy Din ng DA-ATI ay nagturo tungkol sa smart-phone, paggamit ng social media, paggamit ng mga applications na makakatulong sa pagsasaka, tulad ng GPS Fields Area Measure, Rice Doctor, Payong Pag-Asa, at eLearning. Kabilang din sa pagsasanay ang pagturo kung paano gamitin ang iba't-ibang e-commerce platforms at online transactions/payments. Naging katuwang din bilang Resource Persons sina Ronaldo Javines, Jr, ng PhilRice Bicol at Godofredo Balmeo ng DA-RFO5.

Ang DAC ay itinataguyod ng DA-ATI at Smart Communications para matulungan ang mga mag-sasaka na ma-access ang im-pormasyon upang makagawa ng mas mahusay na mga desisyon sa pagsasaka, pagbutihin ang mga kahusayan at kasanayan gamit ang mga digital na teknolohiya, palawakin ang net-work ng market opportunities at pahusayin ang kanilang kabu-hayan. ***Christian T.R. Tosoc***





# DA-ATI Bicol, CBSUA Unveil Vetiver Grass Potentials

**MINALABAC, Camarines Sur** -- DA-ATI Bicol, in partnership with the Extension Services Division of Central Bicol State University of Agriculture (CBSUA) and the Municipal Agriculture Office of the Local Government Unit (LGU) of Minalabac in Camarines Sur, implemented the Vetiver Grass Awareness Course. Beyond generating appreciation for this little-known grass, the course is a research-based awareness campaign on the ecological and economic importance of Vetiver.

The Vetiver Grass Awareness Course supports the Research, Development and Extension (RDE) continuum initiatives of DA-ATI Bicol to promote mature agricultural technologies produced by the State Universities and Colleges (SUCs) in the Region. Vetiver grass has varied uses in sustainable agriculture, particularly in soil erosion control, ground water conservation, biological pest control, as well as soil and water remediation.

Twenty (20) farmers participated in the activity, representing various barangays in Minalabac -- Del Socorro, Antipolo, Magadap, Sagrada, San Felipe, Santiago, Del Carmen Del Rosario, San Juan, and San Lorenzo.

Engr. Elias A. Dela Austria, Jr., Municipal Agriculturist, formally opened the activity. Meanwhile, Dr. Melchora V. Abonal, CBSUA's Project Leader for Vetiver, served as Resource Person. She showed an audio-visual presentation on vetiver grass production and processing. Dr. Abonal explained the benefits, importance, and characteristics of vetiver grass, as well as the cultural management practices required to produce vetiver grass on commercial scale.

Center Director Elsa A. Parot of DA-ATI Bicol, in her closing message, encouraged the participants to apply what they learned because vetiver grass is a good source of income for their families and also beneficial to the environment.

At the end of the appreciation course, each of the participants received vetiver planting materials so they can immediately start production in their respective farms.

The activity took place at Bermudez Agricultural Farm in Barangay San Juan, Minalabac, Camarines Sur on June 29, 2021 with strict compliance to health and safety protocols on Covid-19.
***Regina Carla Padre***



# DA-ATI Bicol Launches Binhi ng Pag-Asa in Albay, CamSur




**PILI, Camarines Sur** -- DA-ATI Bicol teamed up with the local government units (LGUs) and the Office of Senator Grace Poe (OSGP) in training 60 youth leaders and 680 youths on leadership, value formation, and agri-livelihood under the Binhi ng Pag-asa Program. The series of training took place in Albay and Camarines Sur.

Ms. Ma. Techie Lizaso, Training Specialist II, as Project Officer launched the program thru online provincial consultations where ATI and LGU implementers threshed out the details of the program implementation.

From July to December 2021, three provincial trainings and 34 city/ municipal-based training gave the young trainees courses that tackle leadership, values formation, and agricultural technologies.

ATI provided after-training support to the trainees in the form of start-up kits for the establishment of their chosen agricultural livelihood project.

At the end of the Binhi ng Pag-asa Program 2021, the provincial shall reinforce the learning process thru sharing of experiences and friendly competitions during the agri quiz bowl, advocacy and videomaking competitions.

The Binhi ng Pag-asa Program activities aimed to motivate youths to take up the cudgels in agriculture. The Program seeks to abate the decline in number of Filipinos employed in agriculture, which was observed from 52% in 1980 to 30% in 2014.

Through the Binhi ng Pag-asa Program training, young people took up agripreneurship as they gained access to entrepreneurial skills and agricultural technologies.
***Primalou B. Imperial***






# Selebrasyon ng NRAM at OAM, Sinimulan

**PILI, Camarines Sur** – Sinimulan ng DA-ATI Bicol ang pagdiriwang ng National Rice Awareness Month (NRAM) at Organic Agriculture Month (OAM) sa Bicol Region nito lamang ika-4 ng Nobyembre 2021.

Limampung (50) magsasaka, kababaihan at kabataan ang lumahok sa 'Onsite Distribution of Vegetable Seedlings and IEC Materials' na isinagawa sa bulwagan ng LGU Nabua, lalawigan ng Camarines Sur.

Sa pakikipag-tulungan ng Nabua Municipal Agriculture Office, namigay ang DA-ATI Bicol ng iba't ibang information, education and communication (IEC) materials tungkol sa pagpapalayan at paggugulayan. Bukod dito, isinagawa rin ng ahensya ang technical briefing tungkol sa urban gardening, kung saan ipinakita kung paano magtanim ng seedlings sa container, maging ang paggawa ng fermented plant juice (FFJ), fermented fruit juice (FFJ) at fish amino acid (FFA) bilang natural na pataba.

Ang nasabing okasyon ay live na napanood sa Online Talk Show na isinagawa sa DA-ATI Bicol at napanood sa Facebook page ng ATI Bicol at Sarabay Channel sa YouTube. Dito, pinag-usapan ang kahalagahan ng palay at organikong pagsasaka.

Nagsilbing panauhin sa nasabing programa si Mr. Edgar Pesebre, Learning Site Cooperator na matagumpay na isinasagawa ang rice-duck farming sa Polangui, Albay.

Gayundin, panauhin din sina Ms. Adelina Losa, Hepe ng Agribusiness & Marketing Assistance Division at Focal Person sa Organic Agriculture Program ng Department of Agriculture-Regional Field Office (DA-RFO), gayundin si Mr. Earl Vincent Vegas, Rice Program Focal Person ng DA-RFO.

Inilahad nila ang mga plano ng ahensya tungkol sa organikong pagsasaka at pagpapalay, gayundin ang isasagawa nitong pagdiwang ng OAM at NRAM.

Sa hapon, nagkaroon ng Rice-Based By-Product Demonstration sa Carmel Farms, isang ATI-certified Learning Site na matatagpuan sa Binanuaanan, Pili, Camarines Sur. Dito, dalawampong (20) magsasaka, kababaihan at kabataan ang nabigyan-kaalaman sa paggawa ng iba't ibang produkto mula sa bigas.

Ang pagdiwang ng NRAM at OAM sa buong buwan ng Nobyembre ay bibigyang-diin ng DA-ATI Bicol sa pamamagitan ng iba't ibang gawain tuwing Huwebes. ***Primalou B. Imperial***

# Selebrasyon ng NRAM at OAM, Matagumpay na Nagtapos

**NABUA, Camarines Sur** – Nitong ika-26 ng Nobyembre 2021, isinagawa ng DA-ATI Bicol ang pagtatapos ng isang buwang pagdiriwang ng National Rice Awareness Month (NRAM) at Organic Agriculture (OA) Month habang napapanood sa Facebook Live at isinagawa sa Polytechnic State University of Bicol (PSUB), kilala rin bilang Camarines Sur Polytechnic Colleges (CSPC). Ang pagtatapos ay pinangunahan ni Dr. Franklin Bel Isip bilang alternate OA Focal Person.

Nagsilbing panauhin si Dr. Teresita Salazar, ang PSUB Vice President for Research, Extension, Production and Entrepreneurial Development, na nagpahayag ng pasasalamat dahil ang PSUB ay naging host ng selebrasyon ng NRAM at OA Month.

Panauhin din si Chef Gerald Garland Panghulan na ipinakita ang pagproseso ng organikong vegetables chips, gayundin si Mr. Kristopher Visaya bilang tagapamahala ng Rinconada Business Incubation Center and Economic Enterprise Development Center sa PSUB.

Sa pagtatapos ng isang buwang selebrasyon, pinarangalan ang mga panalong larawan sa 2021 NRAM RICEponsable Ako! Photo Contest. Ito'y nagmula kina Mariel Tabuzo-Torzar (first prize), Ian Chester Solver (second prize), at Dhonald Jay Veraña (third prize).

Noong ika-4 ng Nobyembre, ang NRAM at OA Month ay sinimulan sa pamamagitan ng Online Talakayan sa DA-ATI Bicol at napanood sa ATI Bicol Facebook page at Sarabay YouTube Channel. Kasabay nito, namigay ng mga vegetable seedlings at babasahin sa LGU Nabua, Camarines Sur.

Linggo-linggo, nagkaroon ng face-to-face Rice-Based By-Product Demonstration sa Carmel Farms, Pili, Camarines Sur; Shell Training Farm sa Bombon, Camarines Sur; Pasto De Iriola Farm, Ocampo, Camarines Sur; at sa Nesting Place, Calabanga, Camarines Sur.
Isang Online AgRice Quiz Bee para sa mga Learning Sites, kung saan naging kampyon si Mr. Diosdado Nunez ng Mercedes Science Farm sa Libmanan, Camarines Sur.

Sa huling Huwebes ng buwan, ipinakita ang pagluto ng organic plant-based vegan dishes ni Chef "Kuya Veggie" Eric Galura at paggawa ng rice balls, rice macaroons at rice malunggay butter cookies na isinagawa ni Ms. Wilbina Barnedo ng DA-RFO Food Laboratory sa online Kusi-nELLA via Facebook Live.

Samantala, nagkaroon din ng lingo-linggong Online Talakayan sa PSUB Radio Room at napanood sa Facebook Live kung saan isiniwalat ang produkto ng mga pagsasaliksik na isinagawa ng paaralan. Una rito ang 'Development of environment control system for mushroom production' ni Engr. Sarahlyn Catimbang; 'Nitrogen deficiency level assessment device for rice and maize' ni Engr. Keith Marlon Tabal; at 'Exotic organicum mushroom production' ni Ms. Maria Bernadette Navera.

Nagsilbing Facebook Live hosts sa isang buwang pagdiriwang sina Ms. Joyca Labios, Ms. Rafaela Bajaro, Mr. Oliver Melambilin, at Mr. Jobenel De La Torre, technical staff ng DA-ATI Bicol. Kudos sa buong NRAM at OA Month Team ng DA-ATI Bicol! ***Primalou B. Imperial***

## ATIng Alamin
## RICE-BASED BY PRODUCTS



**Rice Macaroons**
1 cup rice flour
4 eggs
1/2 cup sugar
1/2 cup margarine
2 cups desiccated coconut
1 can condensed milk
1 cup evaporated milk
1 tsp vanilla
1 tsp baking powder



**Rice Moringa Butter Cookies**
1 cup rice flour
4 eggs
1/2 cup sugar
1/2 cup margarine
2 cups desiccated coconut
1 can condensed milk
1 cup evaporated milk
1 tsp vanilla
1 tsp baking powder

**Rice Balls**
3 cups rice
Carrots
Spring Onion
Salt and Pepper
Cheese
Ham
Bacon





# Third Wave of RCEF Extension Gains Momentum

**PILI, Camarines Sur** - On its third implementation year, the Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF) Rice Extension Services Program (RESP) is igniting the power of partnerships and innovation.

This became apparent as the Fourth Quarter Consultative Meeting for the RCEF-RESP took place at the Macagang Business Center in Nabua, Camarines Sur on November 25, 2021.

As the meeting took off, Assistant Director Vivien Carable of ATI Bicol welcomed the participants and highlighted the event's significance in the light of the upcoming Farm School Cluster Consultation Meeting. Dr. Victoria Lapitan, Branch Manager of the Philippine Rice Research Institute (PhilRice), pointed out the importance of consultation with Farm School owners as "partners on the ground."

The RCEF-RESP implementing agencies presented their accomplishment reports. In addition to ATI and PhilRice, Mr. Marcial Bustarga of the Department of Agriculture's Regional Field Office (DA-RFO) reported, as did representatives of the Technical Education and Skills Development Authority (TESDA), Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization (PhilMech), and Provincial Agriculture Offices. Ms. Mary Christine Mallapre of the Camarines Sur Office of the Provincial Agriculturist also participated in the meeting.

Particularly, Engr. Gilda Ranido of TESDA-Sorsogon, Ms. Glenda Caguso of TESDA-Camarines Sur, Ms. Laura Cabug of TESDA-Masbate, Engr. Joseph Corporal of PhilMech, and Ms. Rose Belodo of Albay Provincial Agriculture Office presented their respective agency' outputs.

Best practices include after-training monitoring which noted increase in yield after attending the Farmer Field School (FFS), awarding of farm inputs from DA-RFO, accepting 20% additional participants as buffer, strictly dropping out participants with more than five absences in FFS, remedial sessions for absentees, serving free meals for farmers to complete the day's training, having a standing crop ready at the start of the training to complete the training cycle from land preparation to post-harvest, including agri apps and social media marketing in Farm School-based training, as well as continuous intervention for graduates even after the training by forming barangay-based organizations.

In the absence of large rice machineries at TESDA, the agency coordinated with farmers and irrigators associations on the use of the organization's rice machineries for training. TESDA revealed its plans to conduct training of trainers on rice machinery troubleshooting.

Farm School representatives, which are ATI-certified Learning Site, also presented their accomplishments: Mr. Noah Portuguez of Shell Training Farm, Mr. Jomarie Leo Florece of Ecolistic Research Farm, Mr. Carlito Aquino of Salvador-Emeteria Agritourism Farm, Dr. Mely Cervantes of Carmel Farms, Ms. Lindy Grace Ala of Good Grass Farm, Mr. Edgar Pesebre of Palayamanayon ni Tiyo Edgar, Mr. Edra Rañeses of MADA Bustamante Family Farm, Mr. Darlon Amante of Darwel Agricultural Farm, and Mr. Noe Ocbian of Ocbian Nature Farm School.

Issues discussed include off-site training which requires the formal approval by TESDA. Lectures may be conducted off-site, but hands-on has to be conducted at the Farm School. There has to be proper coordination with the barangay officials and the City/Municipal Agriculture Office, and approval from the Mayor's Office. Data entry in the training management information system (TMIS) particularly names of FFS trainees can be modified within the first 20% of the total duration of the training, and continuous data correction is subject to disciplinary action. The name of registered FFS participants is final after the 5th day of the FFS. To give credence to the FFS conducted by Farm Schools, there is need for fully trained agricultural extension workers (AEWs) as resource persons and Farm School trainers who are agriculture graduates. ***Primalou B. Imperial***

# ATI Bicol, Nakiisa sa Kampanya Kontra VAW



**PILI, Camarines Sur** - Suot ang kulay kahel na t-shirt na may naka-imprintang "VAW (violence against women)-free community starts with Me", nakiisa ang buong kawani ng ATI Bicol sa pangnguna ni Center Director Elsa Parot sa paggunita ng 18-araw na kampanya laban sa karahasan sa mga kababaihan.

Ito ay bilang pagtugon na rin sa Republic Act 10398 na nagdedeklara sa ika-25 ng Nobyembre bawat taon bilang "National Consciousness Day for the Elimination of Violence Against Women and Children" at sa Proclamation 1172, Series of 2006 na nagdedelara sa Nobyembre 25 hanggang Disyembre 12 bawat taon bilang "18-Day Campaign to End Violence Against Women (VAW)"


Nagkaroon ng sinta misa gayundin ang pagbendisyon sa lahat ng mga gusali at opisina ng ATI Bicol para mas bigyang kabuluhan ang tema ng taon na Filipino Marespeto; Safe Spaces, Kasali Tayo. ***Isagani C. Valenzuela, Jr.***





# DA-ATI Bicol Holds Results-Based Monitoring and Evaluation Training

**The DA-ATI as the primary training and extension arm of the Department of Agriculture, coordinates the agriculture and fisheries extension (AFE) delivery system. As such, the agency is mainstreaming the AFE Results-Based Monitoring and Evaluation (RBME) system, based on the premise that the real results of interventions answer the "so what," "how," and "why" questions.**



Thus, the RBME system goes beyond day-to-day work but ensures that interventions – whether policies, programs, or projects – respond to the country's agriculture and fisheries sector goals. Towards a results-based approach, the focus shifted from day-to-day outputs to more lasting outcomes and the impact of interventions provided for clients.

This paradigm shift propelled the five-day training "Outputs to Outcomes: A Shift to Results-Based Monitoring and Evaluation System for Bicol Agriculture and Fisheries Extension Network (BAFEN) Members." Attended by 22 intended BAFEN members and 27 BAFEN representatives, the training was held last August 9-13, 2021 via Zoom.

The training tackled the RBME Module's four lessons. 'Introduction to RBME' described the importance of measuring performance and success, the role of M&E in organizations, and the history of M&E practices and trends used by other organizations and countries. 'The RBME System and the Theory of Change' explained how to measure the results of interventions, the achievement of desired goals, as well as the identification of results statements and results indicators. 'Designing the RBME Performance Framework' discussed the development of the RBME performance framework which will help determine the baseline values and monitor the achievement of the target values set. Lastly, 'Implementing the RBME System' clarified the role and use of evaluation in the RBME system, evaluation criteria, and standards, formulation of evaluation questions, report writing, among others."

At the end of each lecture discussion, a breakout session followed for workshop activities. The participants did their tasks in teams by extension pillars – non-government agencies (NGAs), state universities and colleges (SUCs), and local government units (LGUs). Using Google Jamboard, which they appreciated most, the participants took part in interactive and engaging group activities. They were given ample time to finish the workshop activities, the presentation of workshop output followed. Each BAFEN member agency prepared its action plan.

The training management team (TMT) administered daily assessment through quizzizz.com to determine the knowledge retained and learnings gained from the resource persons. They required the participants to give their Daily Key Takeaways before leaving the session room. Google Classroom facilitated the giving of updates and announcements, as well as easy access to learning materials from the resource persons and training facilitators.

Before the training, the TMT did leveling of expectations and benchmarked the participants' Knowledge, Skills, and Attitude (KSA) on RBME. Pre- and post-training tests determined the participants' learning curve. The results revealed that the majority of the participants gained additional knowledge on the course content.

The resource persons were knowledgeable and explained their assigned topics well. The positive and appreciative feedback of the participants indicated their satisfactory ratings on the lectures and workshops. They rated the resource persons as excellent.

Based on the evaluation and impressions given by the participants, the training proved to be excellent. ***Nida A. Hagos***

# 'Binhi ng Pag-Asa' Sumibol Ng 60 Kabataan sa Albay, Camarines Sur

**ALBAY at CAMARINES SUR** —Animnapung (60) kabataan ang nasipagtapos sa programang 'Binhi ng Pag-asa' sa ginanap na magkakahiwalay na 'Provincial Training of Trainers' sa mga lalawigan ng Albay at Camarines Sur sa nakaraang unang linggo ng Agosto sa kasalukuyang taon.

Ang 'Binhi ng Pag-asa' ay naglalayong hikayatin ang mga piling kabataan na maging bahagi sa pagpapaangat ng agrikuktura sa bansa. Dito, sasanayin sila sa larangan ng 'agripreneurship', paggamit ng mga modernong teknolohiya at pamamaraan sa agrikultura, pamumuno at paghubog ng kagandahang-asal.

Ang programa ay isinusulong ng opisina ni Senador Grace Poe, katuwang ang Agriculture Training Institute, ang Department of Agriculture at ang mga pamahaalang panglalawigan na kabahagi nito (Maliban sa Albay at Camarines, kasama rin dito ang Davao de Oro, Iloilo at Nueva Ecija).

Sa Camarines Sur, dalawang grupo ng tig-dalawampong (20) kabataan ang nagsanay ng tatlong araw. Ang unang grupo ay nagsanay magmula Agosto 2 hanggang 4, at sinundan agad ng pangalawang grupo magmula Agosto 5 hanggang Agosto 7.

Samantala, sa Albay naman, dalawampong kabataan ang nagsanay magmula Agosto 3 hanggang Agosto 5.

Sa kanyang mensahe, hinimok ng ATI Bicol Center Director na si Elsa Parot ang mga kasali,

> Pag sinabing binhi, ito ay piling-pili. Maganda, maayos at mahusay. Sa dinami-dami, kayo ang pinili. Kung kaya, kayo ang mga binhi na maghahasik ng magandang values at magpapaangat ng agrikultura dito sa Bicol.

Ang mga bagong 'binhi' ay magiging bahagi sa mga gaganaping 'Training of Trainers' sa mga lungsod at bayan sa Albay at Camarines Sur. ***Isagani C. Valenzuela, Jr.***



# Pagsasanay sa FBS ng ATI Bicol, May CPD Na!

**PILI, Camarines Sur** -- Inaprubahan na kamakailan ng Professional Regulation Commission (PRC) ang pagsasanay ng DA-ATI Bicol na 10-Day Training of Trainers on Farm Business School o FBS sa bisa ng Continuing Professional Development Accreditation System (CPDAS).

Dahil dito, ang nasabing pagsasanay ay akreditado para sa Continuing Professional Development o CPD. Ang CPD points ay kinakailangan upang mapalawig ang lisensyang iginawad ng PRC. Makakatulong ang CPD points sa mga Agricultural Extension Worker (AEW) na karamihan ay mga lisensyadong agriculturist, engineer at iba propesyon.

Tatlumpong (30) AEWs ang tatanggap ng buong 50 CPD points kung makukumpleto nila ang 64 oras na nakapaloob sa nasabing pagsasanay.

Ang FBS ay naglalayong bigyan ng kaalaman at kasanayan ang mga AEW upang sila ay maging ganap na tagapagsanay sa mga magsasaka tungkol sa tamang pagne-negosyo. Matapos ang pagsasanay, maisasagawa ng AEW sa komunidad ang cropping season-long FBS na tatagal ng 16 linggo.

Layon ng FBS na paigtingin ang kaalaman at kakayahan ng mga magsasaka na magtanim mula sa perspektibo ng pagnenegosyo, nang sa gayon ay mas lumago ang kita nila mula dito. Hangad nito ang sabayang pagkilos ng mga magsasaka sa pagharap sa mga suliranin at oportunidad sa pagbenta.

Ang pasimunong ito ng DA-ATI ay bahagi ng hangaring palakasakin ang antas ng paglilingkod ng mga kawani ng agrikutura sa mga lokal na pamahalaan. Ito ay higit na kinakailangan dahil sa nakaambang pagpapatupad ng Mandanas Ruling na magbibigay ng dagdag na responsibilidad sa mga LGUs.

Inaasahan ng sa lalong madaling panahon, ang iba pang pagsasanay ng ATI ay mabibigayan ng akreditasyon ng PRC. ***Isagani C. Valenzuela, Jr.***

# 2 Guinobatan Farms Get LSA Certifications

**GUINOBATAN, Albay** - Now, the number of certified Learning Sites in Agriculture in Albay hits 21 as DA-ATI Bicol officially welcomes into the LSA roll the Mommy Nitz Natural Farm and the Fuente de Flores.

DA-ATI Bicol Center Director Elsa Parot led the ceremonial ribbon-cutting, awarding certificates, and signing the memorandum of agreement with the respective owners at their farms. Also in the twin events are Municipal Mayor Ann Ongjoco. Albay Provincial Agriculturist Cheryll Rebeta, Municipal Agriculturist Stephen Oli, Barangay Officials & Staff, ATI Bicol staff, officers from the Office of Congressman Joey Salceda, and other guests.

Mommy Nitz Natural Farm is a half-hectare integrated diversified farm located at Brgy. San Francisco. It grows organic hydroponics vegetables, corn, lettuce, pechay, papaya, herbs and spices, eggplant, ampalaya, strawberry, string beans, watermelon, squash, okra, patola, winged beans, cassava, camote, and ube. Also, it raises livestock (native chickens, goats, hogs, and rabbits) and apiculture (stingless bees). It practices a natural farming system.

On the other hand, Fuente De Flores (translated as Spring of Flowers) is a 2.6-hectare integrated diversified farm situated at Brgy. Masarawag. It is planted with corn, coconut, root crops, vegetables, and horticulture. It has livestock (swine, duck, chicken, goat, geese), fishery (tilapia, mud crab), and apiculture (stingless bees). It also observes a natural farming system.

Welcome to ATI Family, Mommy Nitz Natural Farm, and the Fuente de Flores! ***Isagani C. Valenzuela, Jr.***



# EDGARDO PESEBRE

## Pagsasakang Higit Isang Milyon

*Isang 'pioneer,' kabilang si Edgar Pesebre sa mga unang empleyado ng kumpanyang sinimulan ng mga Pilipino mula sa multinasyonal na korporasyon.*

*Sa kanyang pagretiro, ang kanyang 'eskwelahan sa oma' o farm school ay naging pinaka-unang akreditadong Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF) Farm School sa kanyang probinsya.*

*Nang natapos ni Edgar ang kursong Business Administraton sa Aquinas University noong 1988, naging bahagi sya ng unang-unang grupo ng mga empleyado sa pinakaunang opisina na itinayo ng Toyota Motor Philippines.*

*Sa kanyang pagretiro ng taong 2000, sumabak sa pagsasaka si Edgar Pesebre. Nais nyang ipagpatuloy sa Polangui, Albay ang kabuhayang iniwan ng kanyang mga magulang. Sapat na kita ang isa sa mga layunin nya sa pagsasaka.*

Paglalarawan nya sa sarili nya, "Anak ng magsasaka, nakapag-trabaho at ngayon mas pinili ko pa rin bumalik sa pagsasaka. Nag-umpisa ako sa pagsasaka noong ako ay bata pa.

"Nasa agriculture ang parents ko. Pinatapos kaming nasa agriculture sila. Wala nang magpapatuloy ng sinimulan ng parents ko. Ayaw kong ipagbili ang sakahang ito, kaya sabi ko babalik ako sa Bicol. Ako na ang nagpatuloy.

"Nag-graduate ako sa accounting. Pinag-aralan ko ang financial side. Pag-retire ko sa dating kompanya ko, ang retirement pay ko, iyon na ang ginamit kong start-up capital.

"Nakita ko, mababa ang produksyon. Inisip ko kung ano ang rason. Unang-unang rason ang irrigation."

### SARABAY

Sa nais nyang maisaayos ang irigasyon, sumali si Edgar sa Irrigators Association (IA) ng Barangay Balangibang kung saan nahalal sya bilang pangulo.

Samantala, nakita rin nyang isa pang dahilan ng mababang ani ang presensya ng mga pesteng insekto. "Ang ginawa ko noon, pumasok ako bilang Local Farmer Technician (LFT) ng DA. Sabi ko, kailangan ng training. Pinagsabay ko ang pagiging LFT at the same time presidente ng IA."

Ayon sa kanya, "Pinilit kong makakuha ng mga technology. Nandun pa kayo (ang ATI) sa Guinobatan, pumasok ako sa Farmer-Led Extension (FLE). Naging FLE ako noon, at the same time pinag-aralan ko ang full process ng rice production." Malaking pakinabang ang tulong sa kanya ng Municipal Agriculture Office ng Polangui sa pamamagitan ni Jonel Llagas, Agricultural Technologist.

Dahil dito, nabigyang solusyon ang mga problema ng mga magsasaka sa irigasyon at peste. "In short, tumaas na ang produksyon. Nang tumaas na ang produksyon, nag-problema kami sa marketing. Ang ginawa namin, nag-form kami ng association."

Dito nabuo ang Farmer Field School (FFS) Palayamanan Farmers Association ng Barangay Balangibang. Nabigyan ang asosasyon ng suporta mula sa DA. "Meron na kaming rice processing center at rice machineries worth 30 million mula sa Department of Agriculture. Dun lang yun sa barangay namin."

Upang maging mas maayos ang pagkalakal ng palay, kailangan ang sabayang pagkilos, 'sarabay' sa wikang Bikolano. Bumuo ang mga magsasaka ng pederasyon kung saan muling inihalal si Edgar bilang pangulo. "Inilabas namin yun sa barangay, pumunta kami sa lahat na barangay ng Polangui. Kaya na-address namin ang problema sa Polangui, pinag-tulung-tulungan namin – 44 barangays, 86 farmers associations na-federate bilang Polangui Federation of Farmers and Irrigators Association."

### SERTIPIKASYON

Bukod sa pagtutulungan, nakatulong din ang kaalaman ni Edgar sa pagnenegosyo. "Pinagsama ko ang propesyon ko sa business, sinamahan ko ng passion ko sa agriculture. Nakipag-partner ako sa PhilRice, sa DA. Ako ang nag-conduct ng varietal trials at techno demo."

Nakatulong ang ATI pagdating sa training ni Edgar, gayundin ang Technical Education and Skills Development Authority (TESDA). "Nagkaroon ako ng Learning Site at ngayon ako ay trainer na. Na-elevate na dahil sa RCEF."

Tanda ng kakayahan ni Edgar bilang magsasaka at lider nang kilalanin sya bilang Outstanding Local Farmer Technician ng Bicol at Gawad Saka awardee sa dalawang pagkakataon.

Nasertipika ng ATI ang ang sakahan ni Edgar bilang Learning Site for Agriculture (LSA). Tinawag nya itong Palayamanayon ni Tiyo Edgar. Bilang LSA, ang sakahan nya ay nagpapakita ng inobasyon, magandang kita, at teknolohiyang maaaring tularan ng mga kapwa magsasaka.

Hango sa konsepto ng palayamanan, ang Palayamanayon ni Tiyo Edgar ay may komplementasyon ng iba't ibang bahagi ng sakahan. Ang mga basurang materyales mula sa palayan ay napapakinabangan bilang pakain sa itikan, at maging sa gulayan bilang pataba. Gayundin, ang mga basura mula sa paghahayupan at gulayan ay naibabalik bilang pataba sa palayan.

May dalawang ektarya ang sakop ng Palayamanayon ni Tiyo Edgar. Ito ay nagpapakita ng integrated rice-duck farming. Isinagawa ito bilang tugon sa panganib na dulot ng bagyo at tagtuyot, kung saan naapektuhan ang presyo ng palay.

Paliwanag ni Edgar, "Kung mag-fail sa rice, magsu-survive ang ducks. Kasi 'pag naging mura ang rice, at least may source of feeds. Kung mura ang rice, ang pinaka-produkto ay ang duck eggs. Nandun yung value chain."

Bukod sa dagdag na produkto, nakakatulong ang sistemang palayamanan upang makatipid sa gastos. "Hindi ako nagpapa-weeding, hindi ako bumibili ng molluscicide. Mga itik ang kumukontrol sa mga kuhol, yung maliliit na damo naapakan nila, kinakain nila. From 21 to 60 days after transplanting, gumagala sila sa palayan. Kaya 20% ang nasi-save ko."

### SISTEMA

Bagama't mukhang simple ang teknolohiya, ito'y pinagplanuhan. "Pinag-aralan ko ang capacity sa rice-duck farming. Per hectare, ang capacity lang talaga ay 75-100 heads per hectare. Pero free range yun, wala kang ipapakain sa kanila. Since two hectares ito, dinagdagan ko ang ducks pero nagbigay ako ng supplementary feeds para hindi sila magutom – minsan feeds, minsan waste materials



mula sa inani – unfilled grains, immature grains, darak, binlod.

"Along the way, gumagawa ako ng carbonized rice hull para gawing bedding ng ducks upang hindi bumaho ang kanilang kulungan. Yung beddings, pag tinanggal ko, ibabalik ko sa rice farm, nagiging fertilizer. Zero waste, walang wasted material. Napapaikot lahat."

Nagsimula sa 50 pirasong itik, ngayon sya'y nag-aalaga ng mahigit 300 na itik. "Noong nakaraang Disyembre, nagkaroon tayo ng mga bagyo. Lahat ng mga pananim nasira. Kung wala akong inaalagaang itik, walang napakinabangan sa palayan. Binigay ko sa mga itik ang mga palay na nababad sa tubig. Ang income kinuha ko sa eggs. Ang isang itlog binibili P6.50. Dinagdagan ko ng value, ginawa kong itlog na maalat, naging 10 pesos.

"Ang itlog ay umaabot sa 200 o 250 per day, ginawa kong itlog na maalat, naging P2,500 per day. Sa 30 days, P75,000 ang income. Kung sa palay, ang makukuha ko ay P100,000-P150,000 in one cropping. Nang inani ko at pinakain sa itik, ang P75,000 naging P225,000 sa tatlong buwan. Bagama't ang major product ko ay palay, naglagay akong ibang commodities para in case of failure, may sasalo.

"Kung naani ko sana yun, ang first commodity ko ay seeds dahil ako'y seed grower. Pag hindi naubos ang seeds, gagawin kong milled rice. Lahat na hindi mabebenta mapupunta sa ducks. Wala akong nasasayang na resources sa agriculture."

## SIGLA

Nag-umpisa ang Palayamanayon ni Tiyo Edgar sa isang kubong maliit na kaya ang hanggang 20 tao lamang. Bilang isang ATI-accredited Learning Site, nabigyan ito ng support fund. Dahil dito, hindi na isang kubo kundi isang bulwagan na ang ginagamit para sa mga gawain sa pagsasanay. Maaari nang sabay-sabay magsanay ang 50 katao dito.

Pinakaunang na-akredita ng TESDA ang Palayamanayon ni Tiyo Edgar bilang RCEF Farm School sa lalawigan ng Albay. Nagkaroon sya ng 300 scholars. Katumbas nito ay 2.6 million training support fund at allowances ng mga scholars. "Kung susumahin, more or less 3 million na ang ibinigay ng RCEF bilang training support ng TESDA."

Bilang Learning Site, binabahagi nya ang mga bagong teknolohiya sa pagpapalay kahit may pandemya. Batid niyang kailangang maipamigay ang kaalaman sa pagpapalay upang matulungan ang mga magsasakang abutin ang aning 5 tonelada bawat ektarya o higit pa.

"Dati, hindi nila pinapansin ang farm machinery kasi hindi nila alam kung paano gamitin. Ang daming farmers na ang kaalaman ay limited. They are practicing traditional methods. Naa-appreciate nila ang mga bagong technology ngayon. Hindi lang farm machineries – pati sa crop establishment, postharvest, water-saving technology, nutrient management.

"Kung noon dati silang traditional farmer, ngayon nakaka-adopt sila sa scientific farming, tumataas na ang ani nila, bumababa ang gastos sa pagpapalay. Nalaman na nila kung ano talaga ang hangarin ng RCEF."

## SUPORTA

Suliranin ngayon ng maraming magsasaka ang mataas ng gastos sa patrabaho at kakulangan sa manpower. Sa ilalim ng RCEF, nagbigyang pagkakataon ang mga magsasaka na gumamit ng mga makabagong makinarya.

Pahayag ni Edgar, nakita ng mga magsasaka ang bentahe sa paggamit ng makinarya, lalo na ang transplanter. Buko sa napapadali ang mga gawain sa palayan, malaki ang nababawas sa gastos. Halos 10-20% ang natitipid sa paggamit ng harvester dahil sa nabawasan ang pangangailangan sa manggagawa. "Nabibigyan natin ng suporta ang mga magsasaka. Natuto sila, nakakapag-avail sila ng mga machineries sa mas mababang gastos. Gusto na nilang sumubok ng mga makinarya tulad ng transplanter. May technology na silang alam using machineries."

Dagdag pa nya, kailangang ipagpatuloy ang pamimigay ng binhi, at kung maaari madagdagan pa. "I-package na ang pamimigay ng inputs sa mga magsasasaka, hindi lang binhi. Isama na ang fertilizers, insecticides at pesticides. Umaangal ang mga farmer dahil napakababa ng presyo ng fresh palay, napakataas ng presyo ng mga inputs."

## SERBISYO

Ano nga ba ang batayan nya sa pagpili ng direksyon sa buhay?

Ayon kay Edgar, "Kaya ako nag-venture sa agriculture dahil pangarap kong makakuha ng isang milyon sa isang ektarya. Pinilit kong maglagay ng iba't ibang commodities and yet hindi ko nararating. Nag-seed production ako, nag-integrated farming system, nag-rice-duck farming."

Sa huli ay natamasa nya hindi lamang ang masiglang pagsasaka kundi ang kasiyahang dulot ng magandang samahan.

Nais nyang mas marami pang manginabang sa modernong pagsasaka. "Kung ako lang magtuturo, hindi ko yan matatapos. Kung mas madami ang matuturuan, mas madali ang pag-improve ng farmers, farmers associations, cooperatives."










# DA-ATI Bicol Youth Program Fosters New Leaders





**PILI, Camarines Sur** - Two young agripreneurs, Maricel D. Bonagua of Bacacay, Albay, and Vincent D. Belza of Goa, Camarines Sur, completed the month-long homestay "Adopt a Farm Youth Program." It started on November 2, 2021 and ended November 30, 2021 at the ATI-RTC 5 Diversion Road, San Agustin, Pili, Camarines Sur.

The "Adopt a Farm Youth Program" is one of the Agricultural Training Institute (ATI) interventions for 4-H Clubs to further involve the youth in agriculture. It aims to widen the knowledge and enhance the skills of the 4-H'ers in the production of agricultural commodities, farm management, and marketing. Most importantly, the program hopes to instill the values of farming among the youth, such as appreciating the worth and dignity of labor and other life skills.

Every week, the trainees were introduced to and oriented on various aspects of farming technologies. The first week was about organic vegetable production. The second week on livestock production. The third, corn production technology. The last week, basic meat processing.

The participants were grateful for the program. It served as an avenue for them to engage in agriculture, strengthen their competencies and skills, and immerse themselves in the increasingly globalized, fast-paced, highly-competitive world.

According to Ms. Bonagua:

"Dahil sa Adopt A Farm Youth Program nabago ang aking pananaw sa buhay na ang agrikultura ay mayaman. Sa agrikultura, may pera. Bilang isang kabataan, dati hindi po ako nahihilig sa gawaing pang'agrikultura pero nabigyang linaw ang aking kaisipan na mag'engage into agriculture. Higit sa lahat hindi lang agricultural activities ang aking natutunan, maging ang pagiging isang mabuting leader at paghubog ng mabuting kaugalian."


("Because of the Adopt-A-Farm Youth Program, it changed my perception that indeed, agriculture is rich. In agriculture, there is money. I am not used to agricultural activities as a youth, but the program enlightened me to engage in agriculture. Above all, I did not just learn about agriculture. It has also molded me to become a good leader and shaped good values".)

On the other, Mr. Belza added:

"Dati bago mag-training ay hindi masyado mahilig sa pagtatanim at kung ano pa na related sa agriculture. Pero noong nag'training ako dito sa ATI dito ko nakita ang kahalagahan ng pagtatanim dahil malaking ambag at ito ang pinaka kailangan ng mga tao sa pang'araw-araw lalo na sa akin. Malaki ang maitutulong ng training na ito dahil dito ako magsisimula sa larangan ng agrikultura at ang ATI ang magiging inspirasyon ko sa paga-agrikultura dahil namulat ako kung ano ang kahalagahan ng mga magsasaka."

(Before I began training, I didn't particularly appreciate planting ang anything about agriculture. But when I trained at ATI, I've learned the value of planting because it contributes a lot, especially for the people's daily needs, including myself. The training will help me a lot because this is my initial engagement in agriculture. ATI shall serve as my inspiration in engaging in agriculture because it has opened my eyes to the relevance of the farmers.)

The program started in 2012. This year, it has resumed after a two-year hiatus due to the Covid-19 pandemic. ***Joyca Labios***




# BAFEN Consultative Forum Highlights PAFES, Mandanas Ruling, Turmeric Technology

The ATI Bicol spearheaded the 4th Quarter Consultative Forum of the Bicol Agriculture and Fisheries Extension Network (BAFEN) last November 24, 2021. The virtual forum was attended by various stakeholders across the region such as National Government Agencies (NGAs), Local Government Units (LGUs), and the State Universities and Colleges (SUCs).

The BAFEN is composed of the major players in agriculture and fisheries extension in the region. With ATI at the helm, it seeks to have its members collaborate and complement to ensure the provision of harmonized AFE programs and services and to contribute towards accelerating the achievement of a competitive and sustainable A&F sector.

The one-day forum has been a very productive day for all the members of the network.

Bicol University through its Extension Management Division shared its matured technology which is the "Turmeric Production and Commercialization". It was presented by Dr. Rosemarie Jadie, the Campus Director of Bicol University-Gubat Campus. Dr. Jadie's presentation of their research on Turmeric Tea as part of their turmeric production and commercialization provided ideas to each intended end-user on the health and economic benefits of turmeric. This was good news to the general public particularly the health enthusiast thus, ATI Bicol encourages support of all extension agencies particularly the LGUs, SUCs, other SUCs to help BU disseminate the result of their study through their extension activities.

DA-RFO 5 also presented their extension programs and services, particularly the banner programs and projects, as well as the DA's Devolution Transition Plan. This is very important considering that 2022 shall be the start of the implementation of Mandanas-Garcia Ruling, not only for the LGUs but also for the NGAs and the SUCs. As a stakeholder in the Agriculture Sector particularly the Agriculture Extension Sub-Sector, ATI Bicol will be working together with DA and LGUs in the continuing implementation of Local Government Devolution.

Also, Dr. Rex L. Navarro, the former National ATI Director and a current member of the Coalition of Agricultural Modernization of the Philippines (CAMP) presented the Province-Led Agriculture and Fisheries Extension System (PAFES). PAFES is one of the 18 key strategies at the One DA Reform Agenda to strengthen the collaboration between DA, Local Government Units, Academe, and Private Sector. It will be institutionalized to bring extension services to the grassroots level amid the challenges of devolution. With PAFES, the province serves as an extension hub that synchronizes agricultural plans and programs as well as orchestrates the activities of the various stakeholders. DA will co-plan, co-invest, co-implement, and co-monitor priority projects in the provinces particularly as they embark on commodity specialization to maximize comparative advantage. For the Bicol Region, Albay is the province where PAFES is currently being implemented with BU as the SUC partner of Albay. As the next steps of BAFEN, BU is encouraged to share their experiences in implementing the PAFES.

ATI Bicol also shared Programs, Projects, and Activities (PPAs) for the calendar year 2022 through Assistant Center Director Vivien V. Carable. The preparation of these PPAs was already considered the Mandanas-Garcia ruling as well as the results of various stakeholders' consultations which ATI Bicol spearheaded.

Also, Dr. Joey A. Belarmino, Senior Agriculturist of ATI Bicol expressed appreciation for BAFEN for its support and assistance in the successful implementation of the 2021 PPAs of ATI Bicol. As Dr. Belarmino said, "Our 2021 accomplishments will not be realized without the support of our partners in BAFEN, the LGUs, SUCs, NGAs and of course the Private Sector''. Along with this, Dr. Belarmino added that ATI regularly conducts stakeholders' consultation to gather recommendations, comments, and suggestions in coming up with ATI Bicol's yearly work and financial plan. ***Nida A. Hagos***





## Agripreneurship Training: Farming Made Profitable

**PILI, Camarines Sur** – The DA-ATI Bicol conducted the Distance Training on Agripreneurship with Gender and Development (GAD) Concepts in partnership with Go Negosyo via Zoom on August 17-19, 2021. With the theme "Creating Opportunities Towards a Successful Farming Enterprise," the three-day activity gathered together 20 cooperators and personnel of Learning Sights for Agriculture (LSAs) in the provinces Albay, Camarines Sur, Masbate, and Sorsogon.

As primary training and extension arm of the Department of Agriculture, ATI thru this training aims to capacitate the ATI-accredited LSAs under Regular Fund and the Rice Competitiveness Enhancement Fund (RCEF) to build sustainable and productive agri-enterprises.

A cadre of industry practitioners tackled the topics. Among them were Maristela Santy, Philippine Commission on Women (PCW)-accredited GAD Resource Person; Maria Majella Villaroman of myCORD Corporation; Pablo Gabriel Malvar of The Extra Mile Productions; Jas Nito of Binhi Philippines; Deborah Castillo, Ph.D. of DBC Consultancy Services; Gloria Bibon Morris of MOCA Family Farm Learning Center, Inc.; Troy Bumagat of Trophy Farms; Atty. Verselie Limos of Atty. Verselie Limos of Verselie Limos Consultancy and Legal Office; Dr. Eden Alam of Soledad Highland Farm; and Leslie Cara of Rizal Technological University. Topics discussed included Magna Carta of Women and Basic GAD Principles; Entrepreneurial Mind Setting and Values Formation; Business Model Canvas; Digital Marketing; Accounting Basics; Farm Operations Management; Business Ethics and Good Business Practices; and Business Plan Development.

The participants also finished at least one e-Learning course related to rice production, training management, and social technology.

ATI Bicol Center Director Elsa Parot hailed the participants as newly-minted LSA agripreneurs. Ginggay Hontiveros-Malvar, Senior Adviser for Agripreneurship and Mindanao Programs Head of Go Negosyo, as well as Abegail Famadico, Go Negosyo Programs Development Officer, graced the closing activity. ***Rafaela V. Bajaro***

## Rice-Duck Farming Starter Kits, Ibinahagi ng ATI

> Pagyamanin at paramihin ang kakaunti. Walang maliit na ambag, lahat mahalaga

pahayag ni Center Dir. Elsa Parot sa kanyang mensahe habang nagbigay ng extension support ang ahensya sa mga nagtapos ng pagsasanay na isinagawa ng DA-ATI Bicol.

Pinamagatang Capability Enhancement for Farmers: Intensifying Farmers' Income Through Rice-Duck Integrated Farming System, ang pagsasanay ay isinagawa noong ika-13 hanggang ika-15 ng Hulyo 2021 para sa Barangay Itok Farmers Association (BIFA) Farm sa Capalonga, Camarines Norte.

Nitong ika-11 ng Nobyembre, iginawad ni Center Dir. Elsa Parot, ang ATI Bicol ang 160 itik at 20 sakong layer feeds sa mga naging kalahok ng pagsasanay. Sila ang 20 magsasaka na kasapi ng BIFA. Layunin ng proyektong tulungan ang mga magsasaka upang maisagawa ang kanilang natutunan sa itinuro ng Resource Persons mula sa Department of Agriculture, ATI Bicol, Office of the Provincial Agriculturist, at Municipal Agriculture Office ng Capalonga.

Sa pamamagitan ng rice-duck farming, magkakaroon ng karagdagang kita ang mga magsasaka bukod sa pagpapalayan.

Kasama rin sa nasabing okasyon si Hon. Luz Ricasio, ang butihing Mayor ng Capalonga, gayundin sina Dr. Hulsey Orit at Mr. Freddie Begino, ang Municipal Agriculturist at Rice Program Coordinator. ***Engr. Kristine O. Olila***



# 5,000 Nakapagtapos ng SOA-SRA sa Rehiyon Bicol, Naitala



**PILI, Camarines Sur** – Sa kauna-unahang pagkakataon, nakapagtala ang ATI Bicol ng 5,000 magsasakang sabay-sabay lumahok sa isang School-on-Air (SOA).

Ang SOA on Smart Rice Agriculture (SRA) ay sinimulan noong ika-14 ng Mayo 2021 sa limang lalawigan ng Rehiyon Singko – Camarines Norte, Camarines Sur, Catanduanes, Masbate, at Sorsogon – at nagtapos nitong ika-24 ng Setyembre 2021.

Bawat probinsya ay nagkaroon ng isang libong (1,000) kalahok sa SOA, sa pakikipag-tulungan ng iba't ibang lokal na pamahalaan. Ang bawat Provincial, City at Municipal Agriculture Office na kalahok sa programa ay nagtalaga ng SOA Coordinator na siyang derektang nakikipag-ugnayan sa ATI at sa mga kalahok nila sa SOA.

Ang SOA-SRA ay sabay-sabay na isinagawa sa iba't ibang rehiyon ngayong taon. Ito ay produkto ng pagtutulungan ng DA-ATI, DA-Regional Field Office (RFO), at DA-Philippine Rice Research Institute (PhilRice).

Ibinahagi ng SOA-SRA ang mga makabagong teknolohiya sa pagpapalay at mga inobasyon upang mapataas ang produksyon sa mga lalawigan na mababa ang ani ng palay sa bawat ektarya.

Sa ATI Bicol, ang SOA-SRA ay pinangunahan ni "Kuya Mike" Michael Villezar bilang Project Officer. Ang mga tinalakay na paksa ay nakatuon sa rice value chain mula produksyon hanggang postharvest. Tinalakay rin ang mga teknolohiyang nababagay sa nagbabagong panahon o climate-smart rice technologies. Pinakalayunin ng SOA-SRA ang pataasin ng ani at pababain ang gastos sa pagpapalay. ***Primalou B. Imperial***

# Mga Asosasyon ng Magsasaka sa Ligao, Albay, Nabiyayaan ng Suporta

**LUNGSOD NG LIGAO, ALBAY** - Gaya ng ipinangako, ibinigay na ng ATI Bicol ng extension support ang dalawang organisasyon ng mga magsasaka sa lalawigang ito, Ang mga ito ay ang Herrera Integrated Farmers Association at Masaganang Magsasaka ng Bonga Incorporated.

Sila ay nabiyayaan ng mga vacuum sealer, sack sewing machine, empty sacks at weighing scale. Ang suporta ay bilang panimula sa kanilang assosasyon. Ang dalawang organisasyon ay sinanay nang nakaraang Abril sa ilaim ng pagsasanay na tinawag na Capability Enhancement for Farmers: Strengthening Marketing Strategies of Albay Farmers: Community-Based for Bountiful Rice Production.

Nanguna sa pagbibigay ng extension support sina ATI Center Director, Elsa A. Parot, kasama ang Focal Person sa Rice na si Engr. Kristine O. Olila. Naroon din sila Ms. Rose Belodo ng Albay Provincial Agriculture Office (APAO) at OIC City Agriculturist ng Ligao na si Mr. Noel M. Ceriilo at mga kasamahan niyang sina Mr. Gino Murillo at Ms. Cheryl Ann Requiza. ***Judy Rabosa***



# DA-ATI Bicol, Sonrisa Farm Lumagda ng MOA Para sa Extension Grant

**MAGARAO, Camarines Sur** - Sa una at pambihirang pagkakataon, ginawaran ng ATI Bicol ang isang Extension Service Provider on ESP ng extension grant para sa pagsasagawa ng pagsasanay.
Ang Sonrisa Farm Assessment and Learning Center Inc., ang bukod-tanging ESP sa Rehiyong Bikol, ay nagawaran ng pondo para sa pangangasiwa ng dalawang pagsasanay sa Oyster Mushroom Production at sa Organic Native Chicken Production and Enterprise. Maliban dito, may mga pagsasanay pa itong gagawin.

Isang Memorandum of Agreement ang nilagdaan sa pagitan ng ATI sa pangu nguna ni Center Director Elsa A. Parot, at ng Sonrisa Farm sa pamamagitan ng administrador nito na si Lani Botor para sa pormal na pagsalin ng pondo.

Ang Regional ESP Council sa pangunguna ni Dr. Alberto Naperi, ang presidente ng Central Bicol State University of Agriculture, at Ginoong Peter Theodore Caro, ang kinatawan ng pribadong sektor at opisyal ng Regional Agriculture and Fisheries Council o RAFC, ay ang mga pangunahing panauhin sa nasambit na okasyon.

Ang nasabing konseho ang nagsisilbing namamahala, nagsusuri at nagrerekomenda sa mga Learning Site of Agriculture (LSA) o organisasyon na nagnanais maging ESP. Ang ESP ang pinakamataas na antas sa 'ladderized approach' ng ATI. Ibig sabihin, ito ay mayroon ng kakayahan, mga pasilidad at mga eksperto na kayang magsagawa ng mga pagsasanay na kadalasan ang ATI lamang ang nangangasiwa.

Nasa okasyon din ibang mga opisyal ng ATI Bicol na sila Deputy Director Vivien Carable, Engr. Joey Belarmino, Emmanuel Orogo, at Melba Bonafe. Naroon din si Dr. Vladimir Foronda, ang Director ng Extension Division ng Central Bicol State University of Agriculture. ***Isagani C. Valenzuela, Jr.***









# Binhi ng Pag-Asa sa Bicol, Wagi sa National Summit

**LUNGSOD NG QUEZON** - Nakamit ng mga Bikolanong kalahok ang anim na premyo sa isinagawang National Year-End Summit ng Binhi ng Pag-asa Program (BPP) 2021.

Pangunahin dito ang AgriQuiz Bowl kung saan nasungkit ang unang pwesto (Champion) ng mga kabataang nagmula sa Albay, at ang ikaapat na pwesto (Third Runner Up) ng mga nagmula sa Camarines Sur.

Samantala, sa Advocacy Videomaking, nakamit ng Camarines Sur ang pangalawang pwesto (First Runner Up) at ng Albay ang ikaapat na pwesto (Third Runner Up).

Sa Videomaking, pumangatlo (Second Runner Up) ang mga kabataang nagmula sa Camarines Sur, at naging ikaapat (Third Runner Up) ang mga nagmula sa Albay.

Narito ang pangalan ng mga nagwagi:

AgriQuiz Bowl Champion: Caroline Garay (Malilipot, Albay), Daisy Bobis (Oas, Albay), Gilbert Bolima (Polangui, Albay)

AgriQuiz Bowl 3rd Runner Up: Daniel Bragais (Canaman, Camarines Sur), Arielle Rose Datoy & Johanna Mitch Oropesa (Tigaon, Camarines Sur)

Advocacy Videomaking 1st Runner Up: Cristian Saballegue (Gainza, Camarines Sur)

Advocacy Videomaking 3rd Runner Up: Sammy Obedece (Libon, Albay)

Video Making 2nd Runner Up: Sagñay and Tigaon, Camarines Sur

Video Making 3rd Runner Up: Sto. Domingo, Albay

Isinagawa ang patimpalak sa pambansang tanggapan ng Agricultural Training Institute (ATI) sa Quezon City, kung saan nagpaligsahan ang mga kabataang lumahok BPP 2021 na isinagawa sa limang lalawigan – Davao de Oro (Region 11), Aklan (Region 6), Nueva Ecija (Region 3), Albay at Camarines Sur (Region 5).

Ang BPP ay may layong hikayatin ang mga kabataang maging aktibo sa agrikultura. Ito ay upang maisulong ang pag-unlad ng nasabing sektor kabilang na ang mga magsasaka. Bahagi ng programa ang pagsasanay tungkol sa leadership, agripreneurship at mga teknolohiyang pang-agrikultura.

Ang programa ay isinusulong ng opisina ni Senador Grace Poe, katuwang ang ATI sa pakikipagtulungan ng mga pamahaalang lokal.

Sa ATI Bicol, isinagawa ang programa sa pamumuno ni Center Director Elsa Parot at ni Ms. Vivien Carable, Assistant Center Director, bilang Team Leader. Si Ms. Ma. Techie Lizaso, Training Specialist II, ang Project Officer.

Samantala, sina Ms. Charlene Freeman at Ms. Gretchen Darilay, kapwa Technical Staff, ang Program Facilitators sa lalawigan ng Albay. Program Facilitators naman para sa Camarines Sur sina Ms. Shenna Naval at Mr. Ferdinand Demanarig, kapwa Technical Staff. ***Primalou B. Imperial***





# Mga Learning Site sa Bikol, 110 na!

**Sa loob lamang ng dalawang taong pamumuno ni ATI Bicol Center Director Elsa Parot, umabot na sa 110 ang bilang ng mga Learning Site for Agriculture sa buong Kabikolan. Ito ay halos doble sa bilang na naitala noong taong 2019.**

Ang numero ay kinabibilangan ng 103 regular na LSA kasama ang mga nasa ilalim ng Rice Competitiveness Enhancement Fund o RCEF, anim (6) na School for Practical Agriculture (SPA) at isang Extension Service Provider o ESP.

Ayon kay Director Parot, ang agresibong paghihikayat gayundin ang pakikipagtulungan ng mga lokal na pamahalaan ang nagdulot sa mataas na numero. Malaki rin ang naiambag ng mga ka-partner ng ATI sa extension service gaya ng pribadong sektor, ang mga State Universities and Colleges at ibang sangay ng gobyerno.

Dagdag pa ni Director Parot, magiging katuwang ang mga LSA bilang tulay ng pamahalaan patungo sa mga magsasaka upang mas mapalakas pa ang kanilang karunungan at kasanayan sa mga modernong pagsasaka nang sa gayun, makamit nila ang masagang ani at mataas na kita. Inaasahan ding lalago ang papel ng mga LSA sa susunod na taon kung kailan magigng epektibo na ang 'Mandanas Ruling.'

Tinataya rin na sa susunod na taon, madaragdagan pa ang bilang ng mga LSA dahil sa dami na aplikasyon mula sa mga magsasakang nais maging LSA.

Ang LSA ay programa ng ATI na nagtataglay ng bai-baytang na pamaraan ng paglinang sa sakahan o teknolohiya ng mga indibidwal na magsasaka, organisasyon o institusyon upang maging kaakbay ng ATI sa pamamahagi ng serbisyo sa mga mamamayan.

Sa ATI Bicol, ang programa sa LSA ay nasa ilalim ng Partnerships and Accreditation Services Section sa pamumuno ni Senior Agriculturist Engr. Joey Belarmino, katuwang ang LSA Focal Person na si Training Specialist I Alexander Vargas. ***Isagani C. Valenzuela, Jr.***



Information is Transformation

# I·S·ACHIEVERS' AWARDS 2021

# Congratulations!

# ATI BICOL

Most Active Rice Competitiveness Enhancement Fund
Rice Extension Services Program Implementer

BEST IN KP DEVELOPMENT NOMINEE

RISING STAR AWARD NOMINEE

BEST AGRITALK IMPLEMENTER NOMINEE


ATING KAUGNAY NEWSLETTER



Editorial Board:

Technical Advisers | ELSA A. PAROT | VIVIEN V. CARABLE | DR. FRANKLIN BEL T. ISIP | ENGR. JOEY A. BELARMINO
Editor-in-Chief | PRIMALOU B. IMPERIAL
Editor/Writer | ISAGANI C. VALENZUELA, JR.
Layout Artist | CHRISTIAN T.R. TOSOC
Contributors | REGINA CARLA PADRE | MA. RAFAELA V. BAJARO | JOYCA O. LABIOS
NIDA A. HAGOS | CHRISTIAN T.R. TOSOC | ENGR. KRISTINE O. OLILA | JUDY C. RABOSA
Photo Credits | PROJECT IMPLEMENTERS



This newsletter is published every semester by the
Department of Agriculture - Agricultural Training Institute - Regional Training Center V (Bicol)
through Information Services Section, Diversion Road, San Agustin, Pili, Camarines Sur | www.ati.da.gov.ph/ati-5

Printed in the Philippines



Copyright 2021. All Rights Reserved



ATI Bicol | @ati_bicol | @BicolAti | rtc5_dcc@ati.da.gov.ph